# PANANAW SA EDUKASYON: KAHALAGAHAN, HAMON, AT MGA SOLUSYON

*by:*
**Viola T. De Guzman**
*Pablo Roman National High School*

Bilang isang mahalagang aspeto ng pag-unlad ng lipunan, ang edukasyon ay naglalarawan sa landas patungo sa mas magandang kinabukasan. Ang edukasyon ang humuhubog sa prinsipyo at moralidad ng isang tao. Nakabibigay kaalaman ito sa bawat isa at minumulat ang tao sa kung anong katotohan at pagsubok sa mundo na kinahaharap nito. Atatalakayin ang kahalagahan ng edukasyon, ang mga hamon na kinakaharap nito, at ang mga potensyal na solusyon upang mapabuti ang sistemang pang-edukasyon sa bansa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

I. Kahalagahan ng Edukasyon

Ang edukasyon ay isang pundasyon na nagbibigay daan sa mga kabataan upang maabot ang kanilang mga pangarap at ambisyon. Ito ang susi sa kaunlaran ng isang indibidwal at ng buong lipunan. Sa pamamagitan ng edukasyon, natututong magbasa, sumulat, at magbilang ang isang tao, at nabubuksan ang pintuan tungo sa mas malawak na kaalaman at oportunidad. Ang mga may sapat na edukasyon ay mas may kakayahang maging produktibong bahagi ng lipunan, magkaroon ng trabaho, at maging mas mapanagot sa kanilang mga gawain.

II. Hamon sa Sistemang Pang-Edukasyon

Sa kabila ng kahalagahan nito, hindi natin maitatatwa na ang sistemang pang-edukasyon ay hinarap ng iba't ibang hamon. Ilan sa mga ito ay ang kakulangan ng sapat na pasilidad at kagamitan sa mga paaralan, kakulangan ng guro at kawalan ng motibasyon sa ilang mag-aaral. Mayroon din tayong mga suliraning kinakaharap sa larangan ng kurikulum,

pagsusuri ng mga estudyante, at kawalan ng pantay-pantay na pagkakataon para sa edukasyon.

Isang halimbawa ang pandemya kung saan naharap ang edukasyon sa isang pagsubok. Nasubok ang katatagan at determinasyon ng bawat guro at mag-aaral na matuto kahit na nasa distance learning modality ito. Dahil nga ipinagbawal na lumabas ang mga tao, ipinasara na din ang mga eskwelahan kaya ang paraan ng pag-aaral ay modular o kaya ay online classes.

III. Mga Solusyon at Pagbabago

Upang malampasan ang mga hamong ito, kinakailangan ng masusing pagsusuri at pagkilos mula sa iba't ibang sektor ng lipunan upang maagapan ang problema sa edukasyon. Ilan sa mga posibleng solusyon ay ang pagtutok sa pagpapabuti ng mga pasilidad at kagamitan sa mga paaralan, pagpapaigting sa pagsasanay at suporta sa mga guro, at pagkakaroon ng mga programa na tutugon sa mga pangangailangan ng mga estudyante at maibigay din ang pangangailangan ng guro katumbas sa serbisyong pinaglilingkuran nito. Mahalaga rin na mabigyang-pansin ang mga patakaran at kurikulum upang masiguro ang kalidad ng edukasyon na natatanggap ng mga mag-aaral.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

IV. Ang Tunguhin ng Magandang Kinabukasan

Sa pamamagitan ng pagtutulungan at dedikasyon ng bawat isa, mayroon tayong malaking pag-asa na malampasan at malutas ang mga hamong kinakaharap ng sistemang pang-edukasyon. Ang pagbibigay halaga sa edukasyon at ang pagkilos tungo sa mga reporma ay magbubukas ng mas maraming oportunidad para sa ating mga kabataan. Ang magandang kinabukasan ay nasa ating mga kamay, at sa edukasyon nagsisimula ang pag-asa at pagbabago.

Sa pagtatapos ng artikulong ito, nag-iwan sana ito ng isang malalim na pagmumuni-muni at inspirasyon upang makiisa at maging bahagi ng mga solusyon para sa mas magandang kinabukasan ng ating lipunan. Ang edukasyon ay isang susi sa pag-angat ng bawat isa at sa paglago ng ating bansa tungo sa mas maligaya at maunlad na lipunan. Ang edukasyon ang susi upang mabuksan ang pinto ng kaalaman, oportunidad, at matagpuan ang inaasam nating kinabukasan.

*Sangguniang:*

https://www.pinoynewbie.com/kahulugan-kahalagahan-ng-edukasyon/
https://manilatoday.net/edukasyon-sa-panahon-ng-pandemya-mga-hamon-at-hinaharap/
https://www.deped.gov.ph/2020/05/01/pahayag-ng-pakikiisa-ng-kagawaran-ng-edukasyon/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan